



**VALENZUELA
NGAYON**

Tuloy ang Progreso

38 Bagong
Dump Trucks



**TULOY ANG
MALINIS NA
VALENZUELA**


SPECIAL FEATURE

ARAW NG VALENZUELA:

ANG PAGDIRIWANG NG IKA-400 NA TAONG ANIBERSARYO NG KASAYSAYAN AT KAUNLARAN

MGA NILALAMAN

- 01 - BAGONG KAGAMITAN PARA SA PROYEKTONG PANGKALINISAN
- 02 - 1ST SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE
- 03 - AWARDS
- 04 - TULOY ANG KASAYSAYAN AT KAUNLARAN
- 05 - ANG SIMULA NG SELEBRASYON: TREE OF HOPE, INILAWAN NA!
- 06 - MAS MALIGAYANG PASKO SA VALENZUELA! FOOD FIESTA, MULING BINUSOG ANG MADLA!
- 07 - LOYALTY AWARDEES PINARANGALAN SA ARAW NG KAPASKUHAN
- 08 - PAMASKONG KONSİYERTO SA DISIPLINA VILLAGE
- 09 - RAKRAKAN SA OKTOBERFEST 2023
- 10 - TOP TAXPAYERS AT JOB PROVIDERS, PINARANGALAN SA VALENZUELA INDUSTRY NIGHT!
- 11 - MOA SIGNING WITH INDUSTRY PARTNERS
- 12 - VALENZUELA AT AYALA HEALTH, PINAGTIBAY ANG PARTNERSHIP!
- 13 - DELEGASYON NG BUCHEON, SOUTH KOREA, NAKIISA SA SELEBRASYON NG ARAW NG VALENZUELA
- 14 - ARAW NG VALENZUELA: ANG PAGDIRIWANG NG IKA-400 NA TAONG ANIBERSARYO
- 15 - 2 MILYONG DONASYON PARA KAY SAN DIEGO
- 16 - GAWAD DR. PIO AWARDEES
- 17 - CULTURAL NIGHT AT KAUNA-UNAANG COFFEE TABLE BOOK NG VALENZUELA, INILUNSAD!
- 20 - 49TH MMFF 2023 PARADE OF STARS, UMARANGKADA SA VALENZUELA!
- 22 - TULOY ANG KALINGA
- LOLO AT LOLA, NAKATANGGAP NG TAUNANG PAMASKONG HANDOG
- 23 - BAWAT BATA, BIDA SA TAUNANG CHILDREN'S MONTH!
- 12 VALENZUELANO CENTENARIANS, NAKATANGGAP NG INSENTIBO
- 24 - TULOY ANG ALAGANG PAMILYANG VALENZUELANO
- 25 - HEALTH CARE PROVIDER NETWORK REFERRAL MANUAL, INILUNSAD SA VALENZUELA!
- VALPETS: VALENZUELA CITY PETS APP
- 26 - TULOY ANG BAGONG BAHAY, BAGONG BUHAY!
- PABAHAY SA LAON CMP VERTICAL HOUSING PROJECT - PHASE I, IPINAGKALOOL NA SA MGA BENEFISIYARYO
- 28 - GROUNDBREAKING NG LAON COMMUNITY MORTGAGE PROGRAM (CMP) VERTICAL HOUSING PROJECT - PHASE II AT 3S CENTER VEINTE REALES, IDINAOS
- 29 - TULOY ANG SAMA-SAMANG SERBISYO
- 3S CENTER PALASAN, BINUKSAN NA SA PUBLIKO!
- 30 - IMPRASTRUKTURA
- 31 - THE NEW CASA DE POLO
- 32 - TULOY ANG MAPAGKAKATIWALAANG PAMUMUNO
- BARANGAY AT SK OFFICIALS, NANUMPA SA KATUNGKULAN
- 34 - CAPACITY BUILDING SEMINAR
- 35 - MAYOR WES, IBINIDA ANG HEALTH PROGRAMS NG LUNGSOD
- VALENZUELA CITY, NAKIBAHAGI SA EODB CONVENTION 2023!
- 36 - VALENZUELA AT TANAUAN, GANAP NANG SISTER CITIES
- 37 - CITY COUNCIL AT WORK



Inilalathala simula Setyembre 2004

Publisher - City Government of Valenzuela

City Mayor - WES Gatchalian

Chief-of-Staff - Arch. Benjamin P. Gamaro

Public Information Officer/Editor-in-Chief - Frances Marion S. Salazar

Writers/Researchers

William A. Chua, Mary Margaret D. Magat,

Regino B. Morata, Jr., Gillian S. Roldan, Jenny C. Taborda

Graphics and Layout

Joel A. Soriano

Photographers

Resty Robert N. Castro, Alyssa Caco, Kevin Gatchalian,
Percival R. De Guzman, Rafael M. Delfino, Kaye R. Magno,
Charles B. Quebrar, Clinton F. Ramos, Jonnel L. Sunga

Circulation Manager

Clairey C. Pinto

Distribution

Ronald A. Delino, Ronnel B. Esquerro

Acknowledgment

Office of Senator WIN Gatchalian, Digital Communications Office,
Local Disaster Risk Reduction and Management Office,

Inilalathala ang Valenzuela Ngayon magasin ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa pamamagitan ng Public Information Office na may tanggapan sa 3rd Floor, Executive Building, The City Hall, MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City.

© Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, Enero 2024

valenzuela.gov.ph

info@valenzuela.gov.ph

Valenzuela City

@valenzuelacity

valenzuelacitygov

valenzuelacitygov

8 352-1000 locals 1132, 1138 & 1410

8 292-9168

Bagong

KAGAMITAN PARA SA PROYEKTONG PANGKALINISAN



TULOY ANG MALINIS NA VALENZUELA

Para sa pagpapatuloy ng pinaigting na kampanya ng kalinisan sa Lungsod ng Valenzuela, pinangunahan ni Mayor WES Gatchalian ang turnover ng **38 Dump Trucks at 3 Heavy Equipment Vehicles** noong Nobyembre 25, 2023 sa Barangay Dalandanan. Naglaan ang lokal na pamahalaan ng budget upang bigyan ng katuparan ang proyektong pangkalinisan sa lungsod.



EQUIPMENT	PRICE
38 Dump Trucks	Php 74,999,999.98
Excavator	Php 8,888,888.00
Wheel Loader	Php 7,358,888.00
Aerial Platform	Php 6,995,000.00
Total Amount	Php 98,242,775.98



Congratulations! Valenzuela City **1st Seal of Good Local Governance**

VALENZUELA, NAIUWI ANG PAGKILALA SA KATAPATAN AT KAHUSAYAN NG PAMAHALAANG LOKAL

Tapat sa pangako nitong itaguyod ang integridad at tapat na serbisyo publiko, ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, sa pangunguna ni Mayor WES Gatchalian, ay pinagkalooban ng kauna-unahan nitong **Seal of Good Local Governance (SGLG)** ng Department of the Interior and Local Government (DILG), **Disyembre 13, 2023**.

Nakapasa ang Lungsod ng Valenzuela sa "All-in" assessment approach ng sampung (10) governance areas: (1) Financial Administration and Sustainability; (2) Disaster Preparedness; (3) Social Protection and Sensitivity; (4) Health Compliance and Responsiveness; (5) Sustainable Education; (6) Business Friendliness and Competitiveness; (7) Safety, Peace, and Order; (8) Environmental Management; (9) Tourism, Heritage Development, Culture and Arts; at (10) Youth Development.

One of the **11**
out of **17** cities in Metro Manila
One of the **64**
out of **149** cities in the Philippines





AWARDS



2023

URBAN GOVERNANCE EXEMPLAR AWARDS



**HIGH FUNCTIONAL
RATING**
2023 Peace and Order
Council Performance Audit



**IDEAL FUNCTIONAL
RATING**
2023 Local Committee on
Anti-Trafficking and Violence
Against Women and their
Children (LCAT-VAWC)



**IDEAL FUNCTIONAL
RATING**
2023 Local Council
for the Protection of
Children Functionality Audit



**HIGH FUNCTIONAL
RATING**
2023 Anti-Drug Abuse Council
Performance Audit for the Highly
Urbanized City Category



1ST RUNNER-UP
2023 Local Legislative Award,
8th City Council of Valenzuela City



**PLAQUE OF
RECOGNITION**
for ensuring the effective
implementation of MBCRPP



**2022 AGAP
OUTSTANDING
ACCOUNTING
OFFICE AWARD**
Exemplary Award for
Accuracy, Timeliness,
Reliability and Compliance
Association of
Government Accountants
of the Philippines (AGAP) Inc.



**GCash
DIGITAL
EXCELLENCE
AWARDS 2023**
Excellence in
Digital Innovation
Award



**NCR
RESILIENCE
CHAMPION
AWARD**
for effective local
development planning
and dedication to
mainstreaming
Disaster Risk Reduction
Management and Climate
Change Adoption and
Mitigation
(DRRM-CCAM)
into its Comprehensive
Development Plan



Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF HEALTH
Metro Manila Center for Health Development



CERTIFICATE OF RECOGNITION
In recognition of the dedication, and achievements
in program management and development
of Barangay Health Workers in NCR



EXEMPLARY AWARD
Valenzuela City



EXEMPLARY AWARD
Paso De Blas Lying-In Clinic



EXEMPLARY AWARD
Polo Lying-In Clinic



TULOY ANG KASAYSAYAN AT KAUNLARAN

Sa 400 taong lumipas, marami tayong pinagdaanan. Naging makulay at makabuluhan ang bawat kabanata ng istorya ng ating mahal na Lungsod. Saksi ang bawat isa sa maraming pagsubok na tinahak, gayundin sa maraming tagumpay na nakamit. At sa ating pagbabalik-tanaw, nawa'y kilalanin ng bawat isa ang istorya ng ating kaunlaran — na mula sa isang payak at agrikultural na bayan ng Polo, umusbong ang isang moderno at industriyalisadong Lungsod ng Valenzuela.

Sa ating selebrasyon ng **ika-400 na taong anibersaryo ng Lungsod**, nagtamo rin tayo ng mga panibagong karangalan na tumatak sa ating kasaysayan. Ilan sa mga makasaysayang naganap ay ang **pagbubukas ng Casa De Polo at paglunsad ng ating kauna-unahang coffee table book** na naglalarawan sa istorya ng progreso ng Lungsod Valenzuela. **Nakiisa rin sa pagdiriwang ang delegasyon ng ating sister city, ang Bucheon, South Korea.** Panghuli, **nakamtan din natin ang isang pinakamahalagang karangalan sa bansa, ang Seal of Good Local Governance.**

Pamilyang Valenzuelano, kasama ka sa bawat milyaheng tinahak natin. Taos-pusong pasasalamat sa inyong suporta at sa sama-sama nating pagtutulungan upang itaguyod ang Lungsod Valenzuela. Hindi lang dito natatapos ang lahat. Kayo ang aming inspirasyon na ipagpatuloy ang pagsisikap at progreso — mula apat na raan, hanggang sa susunod pang mga taon.

Maligayang anibersaryo sa ating lahat!



Ang Simula ng Selebrasyon:
**TREE OF HOPE,
 INILAWAN NA!**



Ang naganap na taunang pagpapailaw ng **"Tree of Hope"** noong **Setyembre 30, 2023** sa **Valenzuela City People's Park** ang siyang nagmarka ng panimula ng mahabang selebrasyon ng **ika-400 na taong anibersaryo ng Lungsod ng Valenzuela**. Naging espesyal ang pagsalubong sa kapaskuhan ng Pamilyang Valenzuelano dahil dinaluhan ito ng **"Christmas icon"** na si **Jose Mari Chan**, at iba pang artists na nagpamalas ng kanilang iconic performances.





Bilang bahagi ng pagdiriwang ng kapaskuhan sa Lungsod ng Valenzuela, pinangunahan ng lokal na pamahalaan ang pagsasagawa ng taunang **Food Fiesta at Christmas Bazaar** sa kahabaan ng kalye ng C.J. Santos sa Barangay Malinta at sa tapat ng WES Arena sa Barangay Punturin. Nakilahok ang iba't ibang maliliit na negosyo upang magbenta ng maraming barayti ng produkto para sa Pamilyang Valenzuelano.



**MAS MALIGAYANG PASKO SA VALENZUELA!
FOOD FIESTA, MULING BINUSOG ANG MADLA!**





LOYALTY AWARDEES, PINARANGALAN SA ARAW NG KAPASKUHAN

Upang ipagdiwang ang nalalapit na araw ng kapaskuhan, ginanap ang taunang **Christmas Party** ng mahigit walong libong empleyado ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa **Wellness, Entertainment, and Sports (WES) Arena, Barangay Punturin**. Sa parehong gabi rin ay ginawaran ng **Loyalty Award** ang ilan sa mga kawani ng lokal na pamahalaan na sampung taon o higit pa na nagsisilbi para sa Pamilyang Valenzuelano.





Umindak at nakisaya ang mga residente ng **Disiplina Village - Bignay, Ugong, at Lingunan**, sa konsiyertong isinagawa ng lokal na pamahalaan ng Valenzuela. Nakiisa ang ilan sa mga lokal na banda sa lungsod upang punuin ang gabi ng masayang musikahan at kantahan para sa Pamilyang Valenzuelano.

Pamaskong Konsiyerto sa Disiplina Village



DISIPLINA VILLAGE BIGNAY



DISIPLINA VILLAGE UGONG



DISIPLINA VILLAGE LINGUNAN



CHRISTMAS TREE MAKING COMPETITION GRAND WINNERS





RAKRAKAN SA Oktoberfest

BEER AND MUSIC FESTIVAL

Nangibabaw ang kasiyahan at rakrakan ng mga banda sa kauna-unahang **San Miguel Oktoberfest** na ginanap sa kahabaan ng C.J. Santos Street noong **Oktubre 20-22, 2023**. Ang *beer and music festival* na ito ay pinangunahan ng lokal na pamahalaan bilang isa sa mga selebrasyon ng ika-400 na taong anibersaryo ng Lungsod Valenzuela. Nakiisa ang **San Miguel Corporation** sa selebrasyon bilang pangunahing sponsor nito. Makikilala na ang isa sa malalaking planta ng San Miguel Corporation ay ang **"Polo Brewery"** na matatagpuan sa Lungsod.





TOP TAXPAYERS AT JOB PROVIDERS, PINARANGALAN SA VALENZUELA INDUSTRY NIGHT!

Ibinida ng Lungsod ang *top taxpayers at job providers* sa **Valenzuela Industry Night** noong **ika-18 ng Nobyembre 2023**. Isa sa tema ng anibersaryo ng Lungsod Valenzuela ang pagkilala sa progreso nito sa loob ng 400 na taon; kaya naman pinarangalan ang mga kumpanya na siyang katuwang ng Lungsod sa patuloy na pag-angat ng ekonomiya nito.



TOP JOB PROVIDERS OF 2022

In-City Category (Direct Hire | Valenzuela Based)

1. Pandayan Bookshop, Incorporated
2. CDO Foodsphere, Incorporated
3. Sanford Marketing Corporation (SM Savemore-Marulas)
4. Suncrest Foods, Incorporated
5. Ecco Food Corporation

Direct Hire | Non-Valenzuela Based

1. JBC Food Corporation
2. Republic Biscuit Corporation

Special Program for Employment of Students (SPES) Awardees

1. MC Magik Corporation (McDonald's - Paso de Blas & Bhive)
2. Fujiweld Incorporated
3. Nation Paper Products & Printing Corporation
4. Inno Bev, Inc.
5. Oriental Taste Food Corp. (Chowking - SM Valenzuela)
6. Donutification Corporation (Dunkin Donuts)

PWD Employment Job Providers

1. Suncrest Foods, Inc. (Valenzuela Based)
2. JBC Food Corporation (Non-Valenzuela Based)

Non-Government Organization Partners

1. Humanity & Inclusion Thrive Together: Empowering Youth with Disabilities in Asia (Wage & Self-Employment Tracks)
2. USAID Opportunity 2.0 Second-Chance Opportunities for Out-of-School Youth

TOP TAXPAYERS OF 2022

Micro Scale Category

1. J. Simeon Construction
2. UN Elements Enterprises
3. Acersteel Industrial Sales, Inc.
4. Innovative Packaging Industry Corp.
5. Grand Chamonix Marketing, Inc.

Small Scale Category

1. Efficient 5 Multi-Sales Corporation
2. Suncrest Foods Incorporated
3. We Enterprises & Contractors, Inc.
4. Fiberline Industries, Inc.
5. Mega Masterlink Fabricator and Electrical Services Corporation

Medium Scale Category

1. Unicorn Metal Corporation
2. Peerless Products Manufacturing Corp.
3. Mayer Steel Pipe Corporation
4. Maxima Steel Mills Corporation
5. Tiger Machinery & Industrial Corp.

Large Scale Category

1. Manila Electric Company
2. Maynilad Water Services, Inc.
3. Powertrac, Incorporated
4. Foodsphere, Inc.
5. SM Prime Holdings, Inc.

MAYOR WES GATCHALIAN



MOA SIGNING with INDUSTRY PARTNERS

1. Huawei Technologies Philippines, Inc.
2. CISCO Philippines
3. Concepcion Carrier Airconditioning Co.
4. Animation Council of the Philippines, Inc. (ACPI)
5. MORPH Animation, Inc. (Toon City)
6. Mechatronics Technologies Corporation (MTC)
7. MELCO Factory Automation Philippines, Inc. (MELAP)
8. Chamber of Commerce and Industry of Valenzuela, Inc. (CCIVI)
9. Toyota Valenzuela Incorporated
10. Philippine Chamber of Commerce and Industry of Valenzuela, Inc.
11. Junior Chamber International (JCI) Philippines - Valenzuela Chapter
12. Valenzuela Business Club
13. Newton Electrical Equipment Co., Inc.
14. Kinetic Philippines Electrical Construction, Inc.
15. Nisco Philippines Enterprise
16. TCL Sun Inc.
17. Romjayz Refrigeration and Airconditioning Service Center



VALENZUELA INDUSTRY NIGHT

SIGNING OF THE MEMORANDUM OF UNDERSTANDING

City Government of Valenzuela
and Ayala Healthcare Holdings, Inc.



VALENZUELA AT AYALA HEALTH, PINAGTIBAY ANG PARTNERSHIP!



Alinsabay sa pagdiriwang ng Industry Night ay nilagdaan din ang **Memorandum of Understanding** sa pagitan ng Valenzuela City at **Ayala Healthcare Holdings, Inc.** Ito ay isang partnership na nakatuon sa pagpapatibay ng **Universal Health Care (UHC) Law** sa Lungsod.

Sa kanyang mensahe, ipinasilip ni Mayor **WES Gatchalian** ang isa sa pinakaaabangang proyektong pangkalusugan ng Lungsod para sa Pamilyang Valenzuelano, ang **Valenzuela East Medical Center** sa Barangay Paso De Blas.





DELEGASYON NG BUCHEON, SOUTH KOREA, NAKIISA SA SELEBRASYON NG ARAW NG VALENZUELA

Ikinagalak ng Lungsod ng Valenzuela na makasama ang **delegasyon ng Bucheon, South Korea** sa selebrasyon ng ika-400 anibersaryo ng lungsod. Tila naging double celebration na rin ito dahil muling pinagtibay ng dalawang lungsod sa pangunguna nina Valenzuela Mayor WES Gatchalian at Bucheon Mayor Cho Yong-ee ang kanilang sisterhood ties alinsabay sa pagdiriwang

ng kanilang 15th Sisterhood Anniversary.

Ilan sa mga naging programa kasama ang Bucheon ay ang inagurasyon ng **Bucheon Special Lounge** sa Valenzuela City Library, pakikiisa sa tradisyunal na sagala, at pagbisita sa iba't ibang lugar sa Valenzuela.






ARAW NG VALENZUELA: ANG PAGDIRIWANG NG IKA-400 NA TAONG ANIBERSARYO

Nitong **Nobyembre 12, 2023**, itinakda ang pagdiriwang ng **ika-400 na taong anibersaryo** ng Lungsod Valenzuela alinsabay sa kapistahan ni San Diego De Alcalá. Mula sa pagkakatatag ng *Pueblo de Polo* noong Nobyembre 12, 1623, ang anibersaryo na ito ay pagtanaw sa makulay na kasaysayan at progreso ng lungsod sa nagdaang taon. Bilang pasasalamat, sinimulan ang araw na ito ng isang misa konselebrasyon na pinangunahan ni Lub. Kgg. Bartolome G. Santos, Jr., D.D., Obispo ng Iba, Zambales na ginanap sa Parokya ng **San Diego De Alcalá** na dinaluhan ni Mayor WES Gatchalian na siyang Hermano Mayor ng kapistahan, katuwang ang kanyang maybahay na si Mayora Tiffany Gatchalian, at mga Opisyal ng Lungsod. Ang pagpapatuloy ng selebrasyon para sa natatanging araw ay naganap sa Casa De Polo.





Pinasinayaan din ang **Museo De Polo** sa loob ng **Casa De Polo** na siyang pinangunahan ni **Mayor WES Gatchalian**, **Bucheon Mayor Cho Yong-eek**, at ang delegasyon ng **Bucheon City** na dumalo sa Lungsod.



2 MILYONG DONASYON PARA KAY SAN DIEGO

Sa mismong kapistahan ni San Diego ay pormal na inihandog ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, sa pangunguna ni **Mayor WES** at **Chamber of Commerce Industry of Valenzuela**, ang donasyon nito para sa rehabilitasyon ng **Parokya ni San Diego De Alcala**. Ang halagang ito ay mula sa proceeds ng Coffee Table Book na naglalayong maisaayos at mas lalong mapaganda ang simbahan na nasa sentro ng Polo area na isa sa sumasagisag sa pinagmulan ng Lungsod ng Valenzuela.



Katangi-tanging Valenzuelano, Pinarangan ng Gawad Dr. Pio Valenzuela

Ang **Gawad Dr. Pio Valenzuela** ay ang pinakamataas na parangal na ipinagkakaloob ng Pamahalaang Lungsod para sa mga katangi-tanging Valenzuelano sa iba't ibang larangan at sektor. Sa pagbubukas ng nominasyon, sampung (10) Valenzuelano ang kinilala ng Lungsod dahil sa kahanga-hanga nilang dedikasyon at kontribusyon sa kanilang mga napiling larangan, noong Nobyembre 12, 2023 sa Casa De Polo, Barangay Poblacion.



Gawad 2023 Dr. PIO Valenzuela

Pagkilala sa mga Katangi-tanging Valenzuelano

AWARDEES

1. Roderick Alo
Culture and Arts
Barangay Dalandanan

2. Mark Joseph Bartolome
Social Media
Barangay Malanday

3. Cecilio at Maria Teresa Bilog
Sports
Barangay Gen. T. De Leon

4. Elizabeth Chongco
Community Service
Barangay Bisig

5. Yolanda Dela Cruz
Entrepreneurship
Barangay Canumay West

6. Allan Gepty
Government Service
Barangay Palasan

7. Jonathan Manalo
Music
Barangay Gen. T. De Leon

8. Adoracion Pacia
Police Service
Barangay Tagalag

9. Alexander Jorge Pingol
Visual Arts
Barangay Malinta

10. Jose Tecson (Posthumous)
Military Service
Barangay Marulas






CULTURAL NIGHT at KAUNA-UNAHANG COFFEE TABLE BOOK NG VALENZUELA, INTILUNSA!

Bilang kulminasyon ng selebrasyon ng *Valenzuela 400*, idinaos ng Lungsod Valenzuela ang **Cultural Night** kung saan pinasinayaan ang *heritage-themed events place*, **Casa De Polo** sa Barangay Poblacion na pinangunahan nina **First Lady Liza Araneta-Marcos**, **Mayor WES Gatchalian**, at **Mrs. Tiffany Gatchalian**.

Ang makasaysayang gabi ay sinabayan din ng paglunsad ng **kauna-unahang coffee table book** ng Lungsod na pinamagatang **"Valenzuela: History and Progress"**, na naglalaman ng buong istorya ng kasaysayan at paglago ng Lungsod Valenzuela sa nakalipas na 400 na taon.





Tila naging matagumpay ang pagdiriwang ng **Cultural Night at Coffee Table Book Launch** nang daluhan ito ng mga kagalang-galang na opisyal tulad nina **Senadora Grace Poe**, **Senador Mark Villar**, **Bulacan Vice Governor Alex Castro**, **San Juan Mayor Francis Zamora**, at **Malabon City Mayor Jeannie Sandoval**.





Inirampa rin sa entablado ang mga obrang *designer clothing* na likha ng mga tanyag na *fashion designer* sa bansa katulad ni **Michael Leyva**; pati na rin sina **Robbie Santos** at **Daniel Manila**, na siya namang ipinagmamalaki na tubong-Valenzuela. Ang tema ng mga obra ay pinamagatang “Polo”, “Fatima”, at “Agos” na hinango sa kasaysayan, kultura, at modernisasyon ng Lungsod.





49th Metro Manila Film Festival PARADE OF STARS

UMARANGKADA SA VALENZUELA!

Dinagsa ng mga tao ang Valenzuela City People's Park upang masilayan ang kanilang mga idolong artista na kabilang sa **49th Metro Manila Film Festival**. Kauna-unahan ito para sa Lungsod Valenzuela na dinaanan ng taunang **MMFF Parade of Stars**, kung saan tampok ang sampung (10) *film entries* na pinagbidahan nina Piolo Pascual, Marian Rivera, Dingdong Dantes, Sharon Cuneta, Alessandra de Rossi, at marami pang iba.






TULOY ANG KALINGA

LOLO AT LOLA, NAKATANGGAP NG TAUNANG PAMASKONG HANDOG

Masasayang mga ngiti ang pasasalamat ng higit na 67,061 na rehistradong **senior citizens** ng Lungsod nang matanggap nila ang kanilang taunang **Pamaskong Handog** gift packs mula sa Pamahalaang Lungsod. Ang pamimigay ng gift packs ay isinagawa nang limang araw upang maikutan ang 33 na Barangay ng lungsod upang personal itong maibahagi sa pangunguna ni Mayor WES Gatchalian.

Ang mga benepisyaryo ng Pamaskong Handog para kina Lolo at Lola ay nakatanggap ng **custom-made hand-carry bag** na may 2 kilong bigas, at **noche buena package**. Ang nasabing bag ay personal na ginawa at tinahi ng mga kababaihan ng Disiplina Village Lingunan at Bignay bilang isang livelihood project.



NUMBER OF BENEFICIARIES

Day 1	12,075
Day 2	16,478
Day 3	13,167
Day 4	12,186
Day 5	12,885
Total Number of Beneficiaries	67,061





**NATIONAL
CHILDREN'S
MONTH
NOVEMBER**



**PISTA
NG MGA BATA!**

**The 2023 National Children's Month
Kick-Off Ceremony**

BAWAT BATA, BIDA SA TAUNANG CHILDREN'S MONTH!

Tila naging pista ng mga bata ang pagdiriwang ng **31st National Children's Month Kick-Off Ceremony** sa Lungsod ng Valenzuela noong Nobyembre 6, 2023. Ang selebrasyong ito ay may temang **"Healthy, Nourished, Sheltered: Ensuring the right to life for all,"** na dinaluhan nina Council for the Welfare of Children Executive Director Angelo Tapales, DOH Usec. Maria Rosario Vergeire, National Nutrition Council, UNICEF, mga magulang, at mga bata na siyang pangunahing bida sa taunang selebrasyong ito.



12 VALENZUELANO CENTENARIANS, NAKATANGGAP NG INSENTIBO

Kasabay sa paggunita ng **"Elderly Filipino Week"** noong Oktubre na kumikilala sa makabuluhang kontribusyon ng mga Senior Citizen sa nakalipas na taon ay pinarangalan at hinandugan ng Pamahalaang Lungsod ang **labindalawang (12) Valenzuelano Centenarians**. Bawat isa sa kanila ay nakatanggap ng halagang Php 50,000 na insentibo base sa **Ordinance No. 652, Series of 2020**. Ang mga centenarian ay kinilala ng Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA).





TULOY ANG ALAGANG PAMILYANG VALENZUELANO

Patuloy ang pagdaraos ng **Alagang Pamilyang Valenzuelano Medical Missions** sa lungsod, bilang parte ng misyon ng lungsod na ipayoridad ang pangangalaga sa kalusugan ng bawat Valenzuelano.



ALAGANG PAMILYANG VALENZUELANO MEDICAL MISSIONS

PETSA	LUGAR	BILANG NG MGA PASYENTENG NATUGUNAN
Oktubre 7, 2023	C.F. Natividad, Brgy. Mapulang Lupa	407
	Paso De Blas Elementary School	332
Oktubre 14, 2023	Cadena De Amor Covered Court, Brgy. Balangkas	163
	3S Center Tagalag Covered Court	220
Nobyembre 11, 2023	San Diego De Alcala Parish, Brgy. Pulo	369
KABUUNANG BILANG		1,491





HEALTH CARE PROVIDER NETWORK REFERRAL MANUAL, INILUNSAD SA VALENZUELA!

Pinangunahan ng Lungsod ng Valenzuela at ng City Health Office, katuwang ang Department of Health, San Lazaro Hospital, Valenzuela Medical Center, San Lorenzo Ruiz General Hospital, University Research Co., at United States Agency for International Development (USAID), ang paglunsad ng **Health Care Provider Network Referral Manual** na naglalayong mapabilis ang pagproseso at paghatid ng serbisyong pangkalusugan sa lungsod. Kasabay nito ang ceremonial signing ng **Memorandum of Agreement** kasama ang partner **Apex Hospitals**.



VALPETS

VALENZUELA CITY PETS APP

Ang ValPETS ay programa ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela na naglalayong tulungan ang Valenzuelano pet owners na mahanap ang kanilang mga alagang aso kung sila man ay mawala. Kasama rin sa #ValPETS program ay ang libreng anti-rabies vaccination para sa mga alagang aso at pusa.

Bilang ng fur babies na tumanggap ng kanilang bakuna kontra rabies at microchip

BUWAN	ANTI-RABIES	MICROCHIP
Oktubre	156	18
Nobyembre	64	27
Disyembre	334	75
Kabuuang Bilang	554	120





TULOY ANG BAGONG BAHAY, BAGONG BUHAY!

PABAHAY SA LAON CMP VERTICAL HOUSING PROJECT - PHASE I, IPINAGKALOOB NA SA MGA BENEPISYARYO

Noong **Disyembre 13, 2023** ay pormal nang ipinagkaloob ng **Social Housing and Finance Corporation (SHFC)**, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela at ang **Department of Human Settlement and Urban Development (DHSUD)**, ang 192 housing units ng **Laon Community Mortgage Program (CMP) Vertical Housing Project - Phase I** sa mga benepisyaryo nito na kinabibilangan ng mga miyembro ng **Laon HOA Federation, Inc.** at ng **Chengville HOA** sa Barangay Veinte Reales. Dinaluhan ito nina **DHSUD Undersecretary Lyle Filomeo Pasco**, **SHFC President Federico Laxa**, at ni **Department of Social Welfare and Development (DSWD) Secretary REX Gatchalian**.







TULOY ANG BAGONG BAHAY, BAGONG BUHAY!



GROUNDBREAKING NG LAON COMMUNITY MORTGAGE PROGRAM (CMP) VERTICAL HOUSING PROJECT - PHASE II **AT 3S CENTER VEINTE REALES, IDINAOS**

Kasabay ng pagkakaloob ng mga housing unit sa Laon CMP Vertical Housing Project - Phase I ay idinaos din ang groundbreaking para sa **Phase II** ng nasabing proyekto at ang **3S Center Veinte Reales** na matatagpuan din malapit sa nasabing proyektong pabahay. Ang mga nasabing kasunod na proyekto ay naglalayong ipagpatuloy ang pagbibigay ng maayos na serbisyo para sa lahat, lalo na para sa mga Pamilyang Valenzuelanong naninirahan sa Laon, Barangay Veinte Reales.





TULOY ANG SAMA-SAMANG SERBISYO

3S CENTER PALASAN, BINUKSAN NA SA PUBLIKO!

Mas pinalapit na ang mga serbisyo ng Pamahalaang Lungsod para sa mamamayan ng Barangay Palasan sa inagurasyon ng pinakabagong **3S Center Palasan** noong Disyembre 20, 2023. Ang 3S Center o Sentro ng Sama-samang Serbisyo sa Palasan ay ang ika-27 na 3S Center ng Lungsod.

Project Cost: **PhP 34,972,251.87**
Floor Area: **1,232 square meters**



Ang two-storey building na ito na may 3,732 sq. m. na lot area ay naglalaman ng mga sumusunod na pasilidad: **Barangay Office, Mega Health Center, Daycare Center, ALS Center, E-Library, Botika ng Bayan, Multi-Purpose Hall, Tanod Outpost, at Sangguniang Kabataan Office.**





St. Jude Malinta Covered Court

Project Cost: **PhP 39, 169, 177. 29**
Floor Area: **612 square meters**



Malinta Daycare Center

Floor Area: **84 square meters**



Veinte Reales Pump House

Project Cost: **PhP 14, 355, 337. 30**
1-unit 60hp Water Pump
1-unit 45kw Generator Set



**Caruhatan East Elementary School
Activity Center and School Grounds**

Project Cost: **PhP 49, 246, 436. 95**
Floor Area: **3,330 square meters**



Casa De Polo

Project Cost: **PhP 49, 246, 436. 95**

Floor Area: **1,500 square meters**

The New CASA DE POLO

Embrace Elegance, Create Memories

Celebrate at a Timeless Events Space in the Heart of History!



FACILITIES

300 Pax Seating Capacity
Catering Area
Bridal Room
Concessionaire Area
Veranda
Parking Area
TODA Terminal

RENTAL FEES

First 3 Hours

PhP 15,000

(inclusive of ingress and egress)

Succeeding Hour

PhP 3,000

per hour

Rental Rate for Stalls

PhP 5,000

per month
(inclusive of water and
electricity consumption)

For inquiries and reservation, contact:

Admin and Records Office at
8352-1000 local 1216



TULOY ANG MAPAGKAKATIWALAANG PAMUMUNO

BARANGAY AT SK OFFICIALS, NANUMPA SA KATUNGKULAN

Pormal nang nanumpa sa katungkulan ang mga bagong halal na **528 Barangay at Sangguniang Kabataan Official** ng **33 barangay** ng lungsod noong **Oktubre 14, 2023** sa WES Arena, Barangay Punturin. Ang panunumpa ay pinangunahan ni **Senate President Juan Miguel Zubiri** na nagbahagi rin ng kanyang naging karanasan at natutunan bilang isang government official. Kabilang sa mga naging panauhin ay sina **Senator WIN Gatchalian**, **DSWD Secretary REX Gatchalian**, at **District 2 Congressman Eric Martinez** na nagbigay din ng mensahe sa mga bagong halal na sulitin ang dalawang taong serbisyo para sa Pamilyang Valenzuelano.







TULOY ANG MAPAGKAKATIWALAANG PAMUMUNO



Nagsagawa rin ng **Capacity Building Seminar** ang **Department of the Interior and Local Government (DILG)** para sa Barangay Newly Elected Officials (BNEO) ng lungsod bilang paghahanda sa kanilang pag-upo sa opisina. Sa kabilang banda, sa ilalim ng **Republic Act No. 10742, Section 27**, isinagawa ang **SK Mandatory Training** para sa mga bagong halal na Sangguniang Kabataan sa lungsod. Ang lahat ng miyembro ng SK mula sa **33 barangay** ay sumailalim sa ilang serye ng pagsasanay at diskusyon kung saan sinuri ang kanilang pangunahing kaalaman tungkol sa serbisyo publiko at ilang mga batas. Kasabay nito, pinangunahan naman ng **DILG-Valenzuela** ang halalan para sa susunod na magiging Presidente ng **SK Federation** sa lungsod, bagay na pinagtibay ni **Mayor WES Gatchalian** noong parehong araw ding iyon.



MAYOR WES IBINIDA ANG HEALTH PROGRAMS NG LUNGSOD

Ibinida ni Mayor WES Gatchalian ang Health Programs ng Lungsod ng Valenzuela sa ginanap na **Livable City Playbook for Health Initiative Workshop** ng AC Health at Ayala Corporation noong Oktubre 12, 2023 sa Seda Hotel, Taguig City. Ilan sa mga programa na kanyang ibinida ay ang **Dalaw ni Dok, Enhanced K to 6 Feeding Program** at ang pagtatayo ng **bagong annex at parking** ng **Valenzuela City Emergency Hospital**.



VALENZUELA CITY, NAKIBAHAGI SA EODB CONVENTION 2023!

Sa naganap na **Ease of Doing Business (EODB) Convention 2023** sa Philippine International Convention Center, kinatawan ni Mayor WES Gatchalian ang Lungsod Valenzuela sa nasabing pagtitipon kung saan ibinahagi niya ang ilan sa mga inisyatibo ng lokal na pamahalaan patungkol sa **digitalization** gaya ng **Dotbot**, ang Facebook Messenger chatbot para sa social welfare transactions, at ang **Paspas Permit** na umani ng maraming parangal dahil sa mabilis na proseso ng pagkuha ng business permit.





VALENZUELA AT TANAUAN, GANAP NANG SISTER CITIES

Lungsod Valenzuela, ganap nang Sister City ang Lungsod ng Tanauan matapos na pormal na pirmahan ang kasunduan noong Oktubre 13, 2023 sa Tanauan City Hall, Batangas. Ito ay pinangunahan nina Valenzuela City Mayor WES Gatchalian at Tanauan City Mayor Nelson Collantes. Ang Lungsod ng Tanauan ay ang ika-77 na Sister City ng Valenzuela.

Sa pagbisita sa Tanauan ay kinuha na rin nina Mayor WES ang pagkakataon upang pag-aralan ang best practices ng Lungsod ng Tanauan.





City Council at WORK

Ito ang ilan sa mga ordinansa at resolusyong naipasa ng 9th City Council (Sangguniang Panlungsod) para sa patuloy na pagpapaunlad ng Lungsod.



Valenzuelano Athlete Incentive Ordinance: Recognizing Excellence in Sports Ordinance No. 1129, Series of 2023 *Authored by Councilor Goyong Serrano*

An ordinance granting incentives to Valenzuelano athletes and their coaches/trainers, for excelling in the Regional, National, and International level of any legitimate sports competition, appropriating funds therefore and thereby repealing Ordinance No. 1010, Series of 2022 entitled an ordinance granting incentives to all the Valenzuelano winners of the Southeast Asian (SEA) Games.

Valenzuela City Family Day Ordinance Ordinance No. 1131, Series of 2023 *Authored by Councilor Niña Lopez*

An ordinance declaring the last Saturday of September of every year as Family Day in Valenzuela City and providing funds for the celebration thereof.



Barangay Development Office Ordinance Ordinance No. 1132, Series of 2023 *Authored by Councilor Ricar Enriquez*

An ordinance creating the Barangay Development Office under the Office of the Mayor and providing funds therefore and for other purposes.

Anti-Trafficking in Persons Awareness Month Ordinance Ordinance No. 1137, Series of 2023 *Authored by Councilor Niña Lopez*

An ordinance declaring the month of July of every year as the Anti-Trafficking in Persons Awareness Month in the City of Valenzuela.




Fire Hose Ordinance Ordinance No. 1139, Series of 2023 *Authored by Councilor Jonjon Bartolome*

An ordinance requiring all Barangays to install Fire Hose Cabinets in all high risk and hazard-prone areas in all the thirty-three (33) barangays in the City of Valenzuela, Metro Manila, providing funds thereof and for other purposes.

Lifetime Validity of Persons with Disability Identification Cards with Permanent Disability Ordinance Ordinance No. 1141, Series of 2023 *Authored by Councilor Niña Lopez*

An ordinance providing for the lifetime validity of Persons with Disabilities (PWD), identification cards (IDCs) issued to persons with permanent disabilities in the City of Valenzuela, providing funds therefore and for other purposes.





CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA

MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City, Metro Manila, Philippines 1440

8 352.1000 • 8 292.0211